

What are clinical trials?

Clinical trials are research studies that test ways to improve healthcare. They are the vital link between discoveries made in the laboratory and the availability of safe and effective treatments for patients.

In fact, many of the medical breakthroughs over the last century began as clinical trials. If these trials had not been conducted, most of the treatments we all take for granted would simply not exist.

Clinical trials are sponsored by many types of organisation including pharmaceutical or biotechnology companies, universities and medical research institutes.

In Australia, hundreds of trials take place each year, giving our health professionals the high-quality evidence, they need to provide cutting edge care to the Australian population.

So, let's look at the clinical trial journey. A trial begins with a research concept or idea. To move that idea to reality, health professionals and other specialists come together to form a Trial Group.

The Trial Group then get advice on the design of the trial from a wide range of experts to ensure that the trial is worthwhile, feasible and will produce reliable results. Consumers (who are often people with the health condition being researched) and the wider community are also consulted to confirm that the research is truly important to patients.

Ano ang mga pagsubok sa gamot?

Ang mga pagsubok sa gamot ay mga pagsasaliksik na pag-aaral na nagsusuri sa mga pamamaraan upang mapahusay ang pangangalaga ng kalusugan. Ito ay mga mahahalagang ugnayan mula sa mga natuklasan sa laboratoryo at ang pagkakaroon ng mga ligtas at mabisang panlunas sa mga pasyente.

Sa katunayan, marami sa mga natuklasan sa medisina sa loob ng nakaraang siglo ay nagsimula bilang mga pagsubok sa panlunas. Kung hindi ginawa ang mga pagsubok, karamihan sa mga panggamot na naging pangkaraniwan na ay hindi sana kilala ngayon.

Ang mga pagsubok sa gamot ay itinataguyod ng maraming mga samahan katulad ng mga kompanyang gumagawa ng mga gamot o biotechnology, mga pamantasan at mga surian ng mga pang-medikal na pananaliksik.

Sa Australya, daan-daan ang mga pagsubok na ginagawa bawat taon, na nagbibigay sa ating mga propesyonal sa pangkalusugan ng mataas na katibayan na kailangan nila sa pagbibigay ng pinakamahusay na paraan sa pangangalaga ng mga naninirahan sa Australya.

Kaya, tingnan natin ang pagbiyahe ng isang pagsubok ng gamot. Ang isang pagsubok ay nagsisimula sa isang palagay o ideya ng pagsasaliksik. Para maging totoo itong palagay, ang mga propesyonal sa pangkalusugan at iba pang espesyalista ay magtitipon-tipon para magbuo ng isang Pangkat sa Pagsubok.

Ang Pangkat sa Pagsubok ay mangangalap ng mga payo tungkol sa disenyo ng pagsubok mula sa ibat-ibang mga eksperto upang matiyak na ang pagsubok ay may katuturan para gagawin, makakaya at magkakaroon ng mga mapagkakatiwalaang resulta. Ang mga gumagamit (kadalasan ang mga taong may-sakit na sinasaliksik) at ang pangkalahatang komunidad ay sinasangguni din upang matiyak na ang pagsasaliksik ay talagang mahalaga para sa mga pasyente.

What are clinical trials?

Ano ang mga pagsubok sa gamot?

Once the trial has been designed, it is submitted to approval bodies including an independent ethics committee. The ethics committee is made up of scientific and non-scientific members. The committee's role is to review the trial to ensure the highest ethical standards are applied. It's reassuring to know that an ethics committee will not let a trial go ahead unless it is satisfied that the trial's benefits outweigh its risks.

Once the trial is approved, each member of the Trial Group must be trained in all aspects of the trial including any new techniques. After these steps are complete, the trial can begin with the first patient. However, not all patients will be eligible as there are entry criteria that must be met. For example, patients may need to be within a specific age range or have a particular stage of disease.

Before patients join a trial, they must know exactly what to expect. They are given an information sheet explaining the trial's risks and benefits and time to ask questions and discuss the trial with others. This process is called informed consent. If they feel the trial is right for them, patients give their consent to enter the trial.

As the trial progresses, the trial sponsor oversees its conduct to ensure that the data collected is accurate and patient safety is continuously monitored.

Kapag ang pagsubok ay nadisenyo na, ito ay isusumite sa nag-aaprubang ahensya kasama na ang isang malayang lupon sa etika. Ang lupon sa etika ay binubuo ng mga miyembro ng mga komunidad na nasa pang-agham at pangkaraniwang tao. Ang ginagampanang papel ng lupon ay magrebisa sa ginagawang pagsubok upang matiyak na ginamit lamang ang mga pinakamataas na batayan sa etika. Nakakapagpalakas ng loob na ang lupon sa etika ay hindi magpapapayag sa isang pagsubok kung hindi ito nakakatiyak na mas matimbang ang mga benepisyo kaysa sa mga kapahamakang maaring idulot nito.

Kung ang pagsubok ay naaprubahan na, ang bawat kasapi sa Pangkat ng Pagsubok ay kailangang sanayin sa lahat ng mga aspeto sa pagsubok pati na ang anumang bagong pamamaraan. Pagkatapos na makumpleto ang mga hakbang na ito, ang pagsubok ay maaaring magsimula sa unang pasyente. Ngunit, hindi lahat ng mga pasyente ay karapat-dapat dahil may mga kriteriyang kailangang matugunan. Halimbawa, ang mga pasyente ay maaaring kailangang nasa isang hanay na edad o nasa partikular na estado ng pagkakasakit.

Bago pa makasali ang mga pasyente sa isang pagsubok, dapat nilang alam kung ano ang talagang maaaring mangyari. Sila ay bigbigyan ng papel ng impormasyon na nagpapaliwanag tungkol sa mga maaaring peligro at benepisyo sa pagsubok at sapat na panahon para magtanong at makipag-usap sa ibang tao tungkol sa pagsubok. Itong proseso ay tinatawag na pagbibigay ng pahintulot batay sa kaalaman. Kung akala nila ay tama sa kanila ang pagsubok, ang mga pasyente ay magbibigay ng pahintulot para makasali sa pagsubok.

Habang ginagawa ang mga pagsubok, ito ay tuloy-tuloy na sinusubaybayan ng tumatangkilik sa pagsubok upang matiyak na ang nakalap na datos ay tama at ang kaligtasan ng mga pasyente ay sinusubaybayan.

What are clinical trials?

During the course of the trial, it may sometimes become clear that one treatment is better than the others at which point the trial is stopped so that all patients can access the superior treatment.

Once the trial is finished, the data is analysed and the results are released to the scientific community, to trial participants and to the public. Importantly, the findings of clinical trials form the basis of new research ideas ... and the clinical trial journey begins once again.

Thank you for taking the time to learn more about clinical trials.

Ano ang mga pagsubok sa gamot?

Habang ginagawa ang pagsubok, maaaring matuklasan na ang isang panggagamot ay mas mahusay kaysa sa iba kaya ang kasalukuyang pagsubok ay maaaring ipatigil para ang lahat ng mga pasyente ay maaaring gumamit ng mas mahusay na panggagamot.

Kung natapos na ang pagsubok, ang mga datos ay susuriin at ang mga resulta ay maibibigay sa pang-aham na komunidad, sa mga kasali sa pagsubok at sa publiko. At ang mahalaga, ang mga nalaman sa mga pagsubok ang pag-uumpishan na makapagbuo ng mga bagong ideya para sa bagong pananaliksik ...at magsisimula na naman ang paglalakbay ng isang pagsubok ng gamot.

Maraming salamat sa inyong oras para magkaroon ng dagdag na kaalaman tungkol sa mga pagsubok ng gamot.